## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Saang materyales gawa ang iyong bahay? Naninirahan ka ba sa isang bahay na gawa sa kahoy o sa semento? Nakapanirahan ka na ba sa isang kubo?

Sa buong Asya, mapapansin mo na isa sa mga bagay na mayroon tayo na magkakatulad ay mga bahay. Ang mga tao sa Asya, saan man sila nakatira ay nangangailangan ng mga tahanan bilang pananggalang mula sa ulan, kung saan maaaring kumain at matulog. Sa modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa kahalagahan ng mga bahay. Matututuhan mo rin ang iba't ibang istilo ng mga bahay sa Asya at bakit ang mga bahay ay magkakaiba sa iba't ibang lugar.

Ang modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin:

Aralin 1 — *Bakit Mahalaga Ang Aking Tahanan?*

Aralin 2 — *Bakit Ganoon Ang Anyo ng Kanilang Mga Tahanan?*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo nang:

- ipaliwanag ng kahalagahan ng masisilungan;
- makilala ng mga tungkulin ng masisilungan para sa mga tao sa iba't ibang bahagi ng Asya;
- makilala ng limang pangunahing bahagi na nakaaapekto sa disenyo ng isang bahay; at
- ihambing ang iyong bahay sa mga bahay ng ibang mga kultura sa Pilipinas at sa palibot ng Asya.



# Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago pag-aralan ang modyul na ito, sagutin ang pagsubok na ito upang malaman kung gaano na ang iyong nalalaman sa mga paksa na tatalakayin.

A. Mayroong limang bahagi na nakapag-iimpluwensiya sa disenyo o istilo ng isang bahay. Maaari mo bang pangalanan ang limang bahagi na ito? Tingnan ang kahon ng mga salita sa ibaba. Kunin ang limang pangunahing bahagi at isulat sila sa mga patlang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Panagano | Pinagkukunang Pinansiyal | Ideya | Materyales sa Pagtatayo |
| Tagpo | Teknolohiya | Kapit-bahay | Bahay ng Magulang |
| Kultura | Kahoy | Ulan | Klima |

1. ________________________________________________
2. ________________________________________________
3. ________________________________________________
4. ________________________________________________
5. ________________________________________________

B. Kumpletuhin ang mga pangungusap sa ibaba. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Isang mahalagang katangian ng bahay ng isang taong layas ay:

   a. gawa sa mga ladrilyo
   b. nakaangat ng apat na talampakan mula sa lupa
   c. magaan at magalaw
   d. malamig, may maraming bintana

2. Sa maraming bansa sa Timog-Silangang Asya, ang mga bahay ay nakataas. Ang puwang sa ilalim ng bahay ay karaniwang ginagamit bilang:

   a. isang taniman ng mga halamang-ani
   b. isang lugar kung saan maaaring itago ang mga alagang hayup
   c. isang lugar kung saan maaaring kumain
   d. isang lugar kung saan maaaring maglaro ng mga baraha

3. Ang iba't ibang uri ng mga bahay sa Asya ay may maraming pagkakahawig, ngunit ang pinakapagkakahawig ay :

   a. karaniwan silang may dambana o altar
   b. sila ay napakalaki
   c. sila ay gawa sa putik at ladrilyo
   d. sila ay may garahe

C. Punan ang mga patlang upang makumpleto ang mga pangungusap sa ibaba.

   1. Ang masisilungan ay isa sa mga pangunahing _______________ ng tao.

   2. Ang lahat ay nangangailangan ng masisilungan upang _________________.


   Ang masisilungan ay mahalaga sa lahat ng tao. Magbigay ng kahit tatlong mahahalagang bahagi ng masisilungan:

   3. ____________________________________________________


   4. ____________________________________________________

   5. ____________________________________________________


D. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Kilalanin ang mga rehiyon sa Asya kung saan matatagpuan ang bawat bahay na ipinakikita. Isulat ang iyong sagot sa puwang sa ibaba ng larawan.




____________________________



____________________________





_________________________ _________________________

E. Tingnan ang kahon sa ibaba. Ang ilan sa mga bansa na nasa kanang hanay ay mayroong mga bahay na kahawig sa mga bahay sa Pilipinas. Gumuhit ng linya upang mapagkabit-kabit ang Pilipinas sa mga bansa na mayroong kahawig na mga uri ng mga bahay.

| | |
|---|---|
| | Bangladesh |
| | Tsina |
| | Burma |
| Pilipinas | Iraq |
| | Vietnam |
| | Hapon |
| | Malaysia |


Maaari mong paghambingin ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 49–51.

Kamusta ang iyong ginawa? Kung nakuha mo ang lahat ng mga tamang sagot, napakagaling! Marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa na tatalakayin sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito upang makakuha ng karagdagang kaalaman. Kung hindi mo nasagutan nang tama ang lahat ng mga tanong, huwag mag-alala. Nangangahulugan lamang na ang modyul na ito ay para sa iyo! Pag-aralan itong mabuti, at siguradong magkakaroon ka ng mas mabuting pang-unawa sa kahalagahan ng mga bahay sa atin at sa ating mga kapatid na Asyano.

Handa ka na bang matuto? Maaari ka nang magtungo sa unang aralin. Maging masaya!

**ARALIN 1**

# Bakit Mahalaga ang Aking Tahanan?



Napag-isipan mo na ba kung ano kaya ang kahihinatnan mo kung ikaw ay walang bahay? Naisip mo na ba kung gaano magiging kahirap kung wala kang masisilungan o lugar na pananatilihan kapag umulan? Sa katunayan, lahat tayo ay nangangailangan ng masisilungan kahit sino pa man.

Matapos pag-aralan ang aralin na ito, magagawa mo nang:

- maipaliwanag ang kahalagahan ng masisilungan;
- makilala ang mga bahagi ng tahanan mo at ng ibang tao sa Asya; at
- ipaliwanag ang suliranin sa kakulangan ng pabahay sa iba't ibang komunidad sa buong Asya.




## Subukan Natin Ito


Para sa gawain na ito, basahin ang talata sa ibaba. Matapos mo silang basahin, isara ang iyong mga mata at isipin sa loob ng ilang minuto ang tagpo na ibinigay sa iyo.

Isipin na isang araw, nagising ka na wala ka nang bahay na titirhan. Hindi mo alam kung saan ka nakatira at wala kang matagpuan na ibang masisilungan. Ikaw at ang iyong pamilya ay palaboy at walang permanenteng lugar na matitirhan. Wala kang bahay kaya't natutulog ka sa kabukiran, sa ilalim ng mga puno o sa mga lansangan sa mga lungsod. Wala ka man lang makitang bagay na maitatakip sa iyong ulo kapag umulan o kaya ay sobrang init.


Pag-isipan ang mga tanong sa ibaba habang ginugunita ang tagpo sa itaas.




1. Ano ang gagawin mo kapag umulan?



2. Saan ka magluluto at kakain?



3. Saan mo ilalagay ang iyong mga ari-arian?



4. Saan mo palalakihin ang iyong mga anak?

Ipikit ang iyong mga mata sa loob ng ilang minuto. Subukan mo ang lahat ng iyong makakaya upang makinita kung ano ang mangyayari kapag ikaw ay walang masisilungan. Kapag tapos ka na, maaari ka nang magtungo sa susunod na gawain.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Malinaw mo bang naisip kung ano ang magiging kahihinatnan kapag wala kang masisilungan? Maaaring nahirapan kang isipin ang isang sitwasyon na kung saan wala kang makitang paraan upang ikaw ay manatiling tuyo kapag umulan o makapagbigay ng silong kapag sobrang init ng araw.

Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang. Gamitin ang mga natamong kaalaman sa nakaraang gawain upang kaw ay mapatnubayan.

1. Sa tingin mo ba ay mabubuhay ka nang walang masisilungan?

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________


2. Sa tingin mo ba ay maaari kang mag-ari ng maraming bagay kung wala kang masisilungan?

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________

3. Sa tingin mo ba ay maaari mong mabuhay ang isang pamilya ng ligtas at sigurado kung wala kang masisilungan?

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________


Kapag tapos mo nang sagutan ang mga tanong, maaari ka nang tumungo sa susunod na gawain. Tatalakayin nito ang mga isyu na itinaas ng mga tatlong tanong na iyong sinagutan.



## Alamin Natin

Matapos makumpleto ang nakaraang gawain, maaaring naiisip mo na sa ngayon kung gaano kahalaga para sa lahat ang masisilungan. Ang masisilungan ay isa sa mga tatlong pangunahing pangangailangan ng isang nilalang. Ang iba pa ay pagkain at damit.

Mayroong maraming uri ng masisilungan. Ang masisilungan ay kinabibilangan ng iba't ibang uri ng mga bahay sa Asya. Gaya mo, ang lahat ng mga kapatid nating Asyano ay nangangailangan ng mga bahay o anumang uri ng masisilungan upang kupkupin at ipagtanggol sila mula sa mga masasamang elemento. Kailangan din nila ng pagkain at damit. Sa modyul na ito, titingnan natin nang mas maigi ang masisilungan bilang isang pangunahing pangangailangan ng tao sa palibot ng Asya.






## Subukan Natin Ito

Tingnan ang kahon ng pinaghalo-halong letra sa susunod na pahina. Ikaw ay binigyan ng listahan ng mga salita upang hanapin. Maaari silang mahanap sa kahon na ito. Bilugan ang bawat mga salita na iyong makita sa *puzzle*. Ang mga salita ay maaaring masulat ng pahaba, pahalang, pasulong o pabalik.

| | | |
|---|---|---|
| Condominium | Townhouse | |
| Bungalow | Bahay Kubo | Kweba |
| Yurt | Longhouse | Bahay sa Puno |
| Apartment | Yaodong | Tent |


| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | E | S | U | O | H | N | W | O | T | G | A |
| G | O | V | O | L | T | A | I | R | E | G | L |
| N | D | N | Y | B | U | K | N | L | Y | B | A |
| T | F | X | G | A | C | V | B | N | E | A | M |
| J | E | A | R | H | W | Q | W | M | S | H | O |
| R | G | N | T | A | O | Y | A | N | O | A | B |
| M | H | K | T | Y | K | U | A | O | T | Y | A |
| Q | J | K | L | K | B | W | S | M | J | S | P |
| F | P | U | K | U | Z | K | W | E | B | A | A |
| C | H | O | Y | B | K | N | E | G | O | P | G |
| O | Y | Y | A | O | D | O | N | G | Y | U | D |
| H | C | U | A | P | B | A | T | A | P | N | G |
| X | C | R | V | B | A | N | M | N | M | O | N |
| Z | A | T | S | D | F | R | G | H | J | L | Y |
| Q | W | E | R | T | Y | U | T | I | O | P | L |
| O | P | Q | R | S | T | U | V | M | W | Z | Y |
| N | M | L | K | J | I | H | G | F | E | E | D |
| B | U | N | G | A | L | O | W | C | B | N | A |
| M | U | I | N | I | M | O | D | N | O | C | T |

Nakita mo ba ang lahat ng mga salita? Ang solusyon sa *puzzle* na ito ay nasa pahina 51. Mula sa *puzzle*, makikita mo na mayroong iba't ibang uri ng mapagsisilungan sa palibot ng Asya at sa mundo. Maging dito sa Pilipinas, mayroon din iba't ibang uri ng mapagsisilungan sa iba't ibang rehiyon at lalawigan.




## Subukan Natin Ito

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Maaari mo bang kilalanin ang mga uri ng bahay na matatagpuan sa Luzon, Visayas at Mindanao? Maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang sa ibaba.



Bahay na bato



Tirahan sa tubig



Tiyakad na bahay na kahoy

__________________ __________________ __________________

Maaari mong paghambingin ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 52.

Natutuhan mo na ang masisilungan ay isa sa tatlong mga pangunahing pangangailangan ng tao sa buong Asya. Natutuhan mo rin na upang matustusan ang pangangailangang ito, maraming uri ng silungan ang ginamit. Isang uri ng masisilungan na lahat tayo ay nakakikilala ay ang bahay. Ang mga bahay na ito ay maaaring magmula sa iba't ibang hugis at anyo. Mayroong iba't ibang uri ng mga kabahayan sa palibot ng Asya. Ilan sa mga halimbawa ng mga bahay ay ang **apartment**, **nipa hut** o **bungalow**. Matututuhan mo ang tungkol sa iba't ibang uri ng mga bahay sa susunod na aralin.



## Subukan Natin Ito

Anu-anong mga benepisyo ang nakukuha mo sa iyong sariling bahay? Isiping mabuti ang tungkol sa iba't ibang tungkulin o gamit ng iyong bahay. Isulat ang iyong mga sagot sa mga puwang sa ibaba.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ilang mga tungkulin ang iyong nailista? Nag-isip ka ba nang mabuti ukol sa kung anong mga benepisyo ang nakukuha mo sa iyong bahay?




## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Nang inisip mo kung ano ang iyong kahihinatnan kapag wala kang bahay, siguro ay nahirapan kang isipin kung saan ka matutulog, kakain o saan mo itatago ang iyong mga kagamitan. Ito ay dahil ang iyong bahay ay may tungkulin bilang isang lugar kung saan maaari kang kumain at matulog, at iba pa. Naisip mo rin ba na ang ibang tao sa Asya ay nangangailangan din ng masisilungan?

Ito ay ilan sa mga mas mahahalagang tungkulin ng isang bahay:


- Ito ay nagbibigay sa atin ng isang lugar kung saan maaari tayong kumain at matulog.




- Ito ay nagbibigay sa atin ng isang lugar kung saan maaari nating ilagay ang ating mga kagamitan.



- Ito ay nagbibigay sa atin ng isang ligtas at siguradong lugar kung saan maaari nating palakihin ang ating mga anak.



- Ito ay nagbibigay sa atin ng privacy.



- Ipinagsasanggalang tayo nito mula sa ulan, hangin, matinding lamig at mainit na araw.



Sa iba't ibang bahagi ng Asya, nakukuha ng mga tao ang ganitong katulad na benepisyo sa kanilang mga bahay. Sa katunayan, kahit saan ka magpunta sa Asya, nakasisiguro ka na kung may mga taong naninirahan doon, makakikita ka ng mga bahay doon. Ganoon kahalaga ang mga bahay para sa ating lahat.



## Subukan Natin Ito

Bawat pangungusap sa ibaba ay nagsasabi ng isang mahalagang tungkulin ng isang bahay. Kumpletohin ang mga pangungusap sa ibaba. Maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa mga ibinigay na patlang.

1. Ipinagsasanggalang tayo ng mga bahay mula sa ______________, ______________, ang mainit na araw at matinding _____________.
2. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng lugar upang ______________ at ______________.
3. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng ligtas at siguradong lugar kung saan maaari nating palakihin ang ating mga ______________.
4. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng lugar kung saan _____________.
5. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng ______________.

Maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 52.

Kamusta ang iyong ginawa? Kung nakuha mo lahat ng tamang sagot, iyan ay magaling! Kung mayroon kang ilang mali, huwag mag-alala. Pag-aralang muli ang aralin.

Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot, maaari ka nang magtungo sa susunod na gawain. Ipagpatuloy ang magandang gawain!

## Basahin Natin Ito

Basahin ang artikulo sa baba mula sa pahayagan.

### 4.6 Milyon na Pamilya, Walang Bahay

May 4.6 milyong pamilyang Pilipino ang walang bahay. Ito ay ayon sa pinakabagong ulat ng Tanggapan ng Pambansang Istatistika (*National Statistics Office*).

Ang kawalan ng matitirahan ay malalang suliranin na ng Pilipinas sa loob ng maraming taon. Ang kawalan ng matitirahan ay suliranin lalo na sa mga siyudad, kung saan may mas mataas na pangangailangan ng pabahay dahil sa malaking bilang ng mga taong naninirahan doon. Maraming mga tao ang nakatira sa mga siksikang komunidad na walang serbisyo ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng sistema sa patubig, sanitasyon (palikuran), pagtatapon ng basura o disenteng kalsada. Ang mga bahay sa komunidad na ito ay magkakadikit at gawa sa kahoy o makapal na tabla na may galbanisadong bubong. Sa mas masalimuot na kaso, ilan sa mga tao ay natutulog sa mga lansangan sapagkat wala silang pera na pambili ng isang tahanan.



Kinikilala ng pamahalaan ang pangangailangang pabahay ng bawat tao. Ito ang basehan ng programa nito sa pabahay. Nais ng pamahalaan na makapagbigay ng may mababang halaga at may mataaas na kalidad na mga pabahay sa mga tao upang maiangat ang estado ng kanilang pamumuhay. Ang Komisyon ng Pambansang Pabahay (*National Housing Commission*) ay nagsusumikap upang makapagbigay ng mga pabahay na may mababang halaga sa may 1 milyong tao sa loob ng  4 na taon. Subalit, hindi lamang ang pamahalaan ang makareresolba sa problemang ito. Kailangan nito ang tulong ng lahat ng sektor ng lipunan gaya ng *NGO's*, mga lokal na komunidad at mga pribadong institusyon. Ang kawalan ng matitirhan ay suliranin ng lahat.

Nagustuhan mo ba ang artikulo? Naisip mo ba na ang pamahalaan ay mayroong programang pabahay para sa mga nangangailangan ng bahay? Bakit hindi mo subukan ang susunod na gawain?



## Pag-isipan Natin Ito

Sa nakaraang gawain, ikaw ay naatasang magbasa ng isang artikulo sa pahayagan. Pag-isipan ang tungkol sa iyong mga reaksiyon sa artikulo at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang na ibinigay.

1. Alam mo ba na maraming pamilyang Pilipino ang walang tirahan?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Mayroon bang nangangailangan ng bahay sa inyong komunidad? Kung mayroon, anong uri ng masisilungan mayroon sila sa ngayon?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Ayon sa artikulong iyong binasa, at sa iyong sariling opinyon, sa palagay mo ba ay matutulungan ng programang pabahay ng pamahalaan ang maraming tao?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

Kamusta ang iyong ginawa? Maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 52–53.

Naisip mo na ba kung gaano kahalaga ang iyong bahay? Kung minsan, pinababayaan lamang natin ang ating bahay. Lagi nating tatandaaan na may mga taong wala man lamang lugar na matutulugan.

## Alamin Natin

Ang kakulangan ng tirahan ay isang suliranin ng maraming mga bansa sa Asya. Kung maraming tao ang lilipat sa isang lugar, maaaring mawalan ng sapat na bahay na maaari nilang bilhin o upahan. Kung minsan, wala silang makitang lugar na matitirahan kaya't naninirahan na lamang sila sa mga kalye. Kadalasan, gumagawa na lamang sila ng masisilungan mula sa mga materyales na kanilang makikita. Sa maraming bansa at komunidad sa palibot ng Asya, ang pangangailangan sa pabahay ay mas malaki pa sa mga bilang ng mga bahay na itinayo. Ito ay isang seryosong suliranin para sa maraming pamahalaan sa buong Asya. Maraming beses, ang mga bahay na ito ay walang mga payak na pasilidad gaya ng palikuran o kusina, o itinayo na masyadong malapit sa isa't isa. Ito ay nakadaragdag sa maruming kapaligiran na nagdudulot ng maraming karamdaman.



Ang suliranin sa pagbibigay ng maaayos na kalidad ng pabahay sa mga nangangailangan nito ay lalong lumalaki. Sa katunayan, nagpulong ang mga Nagkakaisang Bansa (*United Nations*) noong ika-3 ng Mayo, 1996 sa Turkey upang talakayin ang suliranin sa pabahay. Naniniwala ang mga Nagkakaisang Bansa na ang bawat isa ay dapat bigyan ng pagkakataon na makapamuhay sa isang disenteng tahanan. Dahil dito, ang pamahalaan ay dapat magbigay ng pangunahing serbisyo gaya ng sapat na tapunan ng basura, sistema sa patubig at disenteng mga kalsada upang mapaunlad ang kabuhayan ng tao. Maraming pamahalaan sa Asya ang may programa na magbibigay ng mababang halaga ng pabahay sa mga taong nangangailangan nito. Ang mga bahay na ito ay ipinagbibili sa mababang halaga at ang mga bumibili ay binibigyan lamang ng mababang interes. Nangongolekta rin ng bayad ang pamahalaan ngunit maaari itong gawin sa loob ng mahabang panahon.



## Subukan Natin Ito

1. Makapag-iisip ka pa ba ng ibang paraan upang ang pamahalaaan at ang iba’t ibang komunidad ay makatulong sa pagpapahayag ng suliranin sa kakulangan sa pabahay? Isulat ang iyong mga naisip sa mga puwang sa ibaba.

2. Kababasa mo lamang kung gaano kahalaga ang mga programa sa pabahay sa iba’t ibang pamahalaan sa palibot ng Asya. Gaano kahalaga ang iyong bahay para sa iyo? Isulat kung ano ang nararamdaman mo tungkol sa iyong bahay at ang mga benepisyo na nakukuha mo rito sa mga patlang sa ibaba.

Talakayin ang iyong mga sagot sa isang kaibigan, isang miyembro ng pamilya o sa iyong *Instructional Manager*. Hanapin kung gaano kahalaga ang kanilang mga bahay para sa kanila at kung ano ang kanilang palagay sa suliranin ng pabahay sa Pilipinas.

Maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa mga halimbawang sagot na ibinigay sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 53.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Gaano karami ang iyong natutuhan mula sa aralin na ito? Bakit hindi mo subukang sagutan ang mga tanong sa ibaba upang masubok ang iyong karunungan?

A. Kilalanin kung ang sumusunod na mga paksa ay mga halimbawa ng isa sa tatlong pangunahing pangangailangan ng tao: *pagkain, tirahan* o *damit.* Maaari mong isulat ang iyong sagot sa mga patlang na katabi ng bawat paksa. Ang unang paksa ay sinagutan na upang maging halimbawa para sa iyo.

1. *T-shirt* ________damit________
2. Pritong galungggong ____________________
3. *Instant noodles* ____________________
4. *Tent* ____________________
5. Pantalong *denim* ____________________
6. *Bungalow* ____________________
7. Adobong manok ____________________
8. Inuupahang tirahan ____________________
9. Bahay-kubo ____________________
10. Blusa ____________________

B. Tingnan ang mga pangungusap sa ibaba. Markahan ng tsek (4) sa tabi ng mga pangungusap na makapaglalarawan ng mga benepisyo ng isang bahay.

_____ 1. Ang bahay ay nagbibigay sa atin ng isang lugar kung saan maaari tayong magtanim ng palay.

_____ 2. Ang bahay ay nagbibigay sa atin ng masisilungan mula sa ulan at mainit na araw.

_____ 3. Ang bahay ay ginagamit na imbakan ng mga mahahalagang dokumento ng pamahalaan.

_____ 4. Ang bahay ay nagbibigay sa atin ng mga prutas at gulay.

_____ 5. Ang bahay ay nagbibigay sa atin ng isang lugar kung saan maaari nating ilagay ang ating mga materyal na kagamitan.

_____ 6. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng isang lugar kung saan maaari tayong kumain at matulog.

_____ 7. Ang mga bahay ay gawa sa ladrilyo upang sila ay mailipat sa iba't ibang lugar.

_____ 8. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng isang lugar kung saan maaari nating palakihin ang ating mga anak.

_____ 9. Ang mga bahay ay mga lugar kung saan ang mga taong may sakit ay dinadala upang gamutin.

_____ 10. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng pampribadong pangangailangan.

C. 1. Bakit mahalaga ang masisilungan sa bawat isa?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Anong mga posibleng solusyon ang naiisip mo upang ipahayag ang kakulangan ng pabahay sa Pilipinas?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


Kamusta ang iyong ginawa? Maaari mong ihambing ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 54–55.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo ang tungkol sa tatlong pangunahing pangangailangan ng  tao: pagkain, tirahan at damit. Natutuhan mo na sa iba't ibang bahagi ng Asya, kailangan ng tao ang masisilungan. Natutuhan mo rin na isang anyo ng masisilungan ay ang bahay at kahit saan ka magpunta sa Asya ay makatatagpo ka ng mga bahay. Ganoon kahalaga ang mga bahay para sa tao. Mahalaga na ang iba't ibang mga pamahalaaan sa Asya ay gumawa ng programa upang makapagbigay ng pabahay para sa mga mamamayan na walang tirahan. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng lugar kung saan maaari tayong kumain at matulog, gayundin kung saan maaari nating itaguyod ang ating pamilya at ang ating mga materyal na kagamitan. Ang mga bahay ay nagbibigay rin sa atin ng pangangailangang pribado at pinapananggalang tayo mula sa ulan, hangin at mainit na araw.

# ARALIN 2

# Bakit Ganoon ang Anyo ng Kanilang mga Tahanan?




Napag-isipan mo na ba kung bakit may mga malalaking bahay at may maliliit na bahay? Napag-isipan mo na ba kung bakit ang mga bahay ay gawa sa kahoy o semento, o kung bakit ang ilan ay mataas? Sa anong bagay gawa ang iyong bahay?

Hindi lahat ng bahay ay magkakamukha. Sa buong Asya, may mga bahay na gawa sa kahoy, kawayan o semento. Mayroon ding mga bahay na gawa sa putik at bato. Maraming mga bahay ang magkakatulad at magkakaiba sa buong Asya. Sa aralin na ito, tutuklasin mo ang mga dahilan kung bakit ganoon ang anyo ng mga bahay. Titingnan mo ang mga bahay sa Asya at ihahambing sila sa mga bahay sa Pilipinas.


Matapos pag-aralan ang aralin na ito, magagawa mo nang:

- makilala ng limang pangunahing bahagi na tumutulong sa pagtukoy kung ano ang magiging anyo ng isang bahay; at
- ilarawan ang pagkakaiba at pagkakapareho sa pagitan ng iba't ibang mga istilo ng bahay sa iba't ibang bahagi ng Asya.

## Subukan Natin Ito

Sa gawaing ito, ikaw ay guguhit ng isang simpleng plano sa bahay.

Ang plano sa isang bahay ay gaya ng paningin sa ibabaw ng iyong bahay na iginuhit nang walang bubong. Makikita mo ang lahat ng mga silid at ang kanilang mga lokasyon. Tingnan ang larawan sa ibaba.




Mayroon ka na bang mas mabuting ideya ngayon kung ano ang anyo ng isang plano ng bahay? Bakit hindi mo subukang gumuhit ng isa para sa iyong sarili? Heto ang iyong gagawin:

**HAKBANG 1:** Maglakad sa loob ng iyong bahay at isulat kung saan ang lokasyon ng bawat silid.

**HAKBANG 2:** Simulang iguhit ang iyong plano. Makapagsisimula ka sa pamamagitan ng pagguhit sa silid na kinapapalooban mo. Pagkatapos ay iguhit ang mga silid na karugtong ng silid na ito.

**HAKBANG 3:** Ipagpatuloy ang pagguhit ng lahat ng mga silid sa bahay. Markahan ang bawat silid at ilarawan kung ano ang gamit ng bawat silid.

Habang iginuguhit mo ang iyong plano ng bahay, isipin ang lahat ng gamit ng bawat silid para sa iyong pamilya. Ilista rin ang mga materyales na ginamit sa pagtatayo ng iyong bahay. Kapag nakatapos ka na sa iyong plano ng bahay, ipakita ito sa isang miyembro ng iyong pamilya. Maaari mong iguhit ang plano ng iyong bahay sa kahon sa ibaba.

Ang Plano ng Aking Bahay



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Tingnan ang plano ng bahay na iyo lamang ginawa. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Lahat sila ay tungkol sa iyong bahay.

1. Anong mga materyales ang ginamit sa pagpapatayo ng iyong bahay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Bakit ginamit ang mga materyales na iyon sa pagpapatayo ng iyong bahay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Anu-ano ang mga silid sa iyong bahay at ano ang gamit ng bawat silid para sa iyong pamilya?


   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________


   ______________________________________________

Napag-isipan mo ba ang tungkol sa iba't ibang bahagi ng iyong bahay? Siguro ay naisip mo na ang bawat bahagi ng iyong bahay ay mayroong layunin. Mayroong isang lugar kung saan maaari kang kumain at isang lugar kung saan maaari kang matulog. Sa iyong palagay, mapapagbaligtad mo ba ang mga gamit ng bawat silid? Oo, ngunit napakahirap isipin, hindi ba? Paano naman ang mga materyales na ginamit sa pagpapagawa ng iyong bahay? Ano ang mga epekto nito sa disenyo ng iyong bahay?



## Alamin Natin

Sa nakaraang gawain, gumuhit ka ng plano ng iyong bahay. Inilista mo rin ang gamit ng bawat silid at ang mga materyales na ginamit sa pagtatayo ng iyong bahay. Ang mga ito ay bahagi ng disenyo ng iyong bahay. Tumutulong sila upang makapagpasiya kung ano ang magiging anyo ng iyong bahay. Matututuhan na natin ngayon ang mas maraming mga iba't ibang mga bagay na nakaaapekto sa anyo ng isang bahay. Titingnan natin ang iba't ibang mga kabahayan sa palibot ng Asya.





Ang anyo ng isang bahay ay naiimpluwensiyahan ng limang bagay:

1. Klima
2. Makukuhang Materyales
3. Teknolohiya
4. Kultura
5. Mapagkukunang Pinansiyal

Tingnan natin ang bawat isa sa mga limang bagay na ito nang mas malapit.

1. **Klima**


Ang **klima** ay tumutukoy sa panahon sa isang lugar**.** Halimbawa, sa Kanlurang Asya (*Middle East*), ang klima ay napakainit. Sa Tsina at Korea sa panahon ng taglamig na mga buwan, ang klima ay napakalamig. Ang klima sa isang partikular na rehiyon ay makapagpapasiya ng disenyo ng bahay. Isipin mo ito: kung ikaw ay nasa isang mainit na lugar, gusto mo ba ng isang bahay na malamig o mainit? Siyempre gusto mo ng mas malamig na bahay! Sa isang banda, kung ang klima ay napakalamig, kakailanganin mo ng mainit na bahay upang manatiling komportable. Heto ang ilan sa mga halimbawa ng mga bahay sa Asya na itinayo para sa klima ng kanilang bawat rehiyon.




Malaysia, Indonesia, Vietnam and Thailand

Ang bahay-kubo ay itinayo mula sa istraw at mayroong mga malalaking bintana. Ito ay may ganitong disenyo upang pumasok ang hangin sa loob ng bahay at nananatiling malamig sa mainit na panahon. Matatagpuan mo ang mga magkakatulad na mga bahay sa Malaysia, Indonesia, Vietnam at Thailand. Ang klima sa mga bansang ito ay mainit at maalinsangan.

Sa Korea, ang klima ay sobrang lamig. Maraming mga bahay doon ang mayroong *ondol*, ito ay isang puwang sa ilalim ng sahig na dinadaanan ng init mula sa apoy. Ang nakataas na sahig ay tumutulong na makapagpainit sa bahay kapag napakalamig.



Korea



Saudi Arabia

Sa Saudi Arabia, maraming mga bahay ay pinalalamig ng mga *air-conditioners*. Ito ay sapagkat ang klima sa Saudi Arabia ay napakainit at tuyo. Subalit sa ibang mga lugar sa *Middle East* gaya ng Iran ay may mga bahay na gawa sa ladrilyo o bato. Pinananatili nito ang bahay mula sa pagkakaroon ng init.



## Subukan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong. Maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa mga ibinigay na puwang.

1. Ano ang kahulugan ng klima?

   ____________________________________________

2. Paano mo ang isalalarawan ang klima na kung saan ka nakatira?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

3. Pag-aralan ang sarili mong bahay. Sa iyong palagay, ito ba ay idinisenyo upang itumbas sa klima ng iyong paligid? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

Maaari mong markahan ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng paghahambing sa mga *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.


Mayroon ka na bang mas mabuting pang-unawa sa ngayon kung paano ang klima ay nakaaapekto sa disenyo ng bahay? Tandaan lamang na gusto ng mga tao na maging komportable. Kapag sobrang init, hindi maganda ang pakiramdam ng mga tao. Gayundin na hindi maganda ang pakiramdam ng tao kapag masyadong malamig. Gusto ng mga tao ng tamang temperatura lamang upang sila ay makapagpahinga at makakain nang komportable.


2. **Makukuhang Materyales**


Ang mga **makukuhang materyales** ay tumutukoy sa mga bagay na ginamit upang maipatayo ang iyong bahay. Ilan sa mga halimbawa ng materyales ay ang mga: kahoy, semento, kawayan at ladrilyo. Ang uri ng materyales na gagamitin sa pagpapatayo ng bahay ay depende sa kung ano ang handang makuha. Kung ang kahoy ay may masaganang pinagkukunan sa isang partikular na lugar, maaari mong asahan na makatagpo ng maraming mga bahay na gawa sa kahoy o gumagamit ng maraming kahoy. Sa kasalukuyan, maraming mga materyales ang maaaring gamitin sa pagtatayo ng mga bahay. Ang semento, adobe at *G.I. sheets* ay ilan sa mga


modernong materyales na ginagamit ng maraming tao sa pagpapatayo ng mga bahay. Ang mga materyales na ito ay pumalit sa mga tradisyonal na materyales gaya ng kahoy at nipa sa maraming lugar.


Narito ang ilan sa mga materyales na karaniwang ginagamit sa palibot ng Asya.



Ladrilyo



Kawayan


Adobe


*G.I. sheets*



Semento



Kahoy




Maraming kagubatan sa Malaysia. Sa gayon, ang kahoy ang masaganang mapagkukunan dito. Sa Malaysia, maraming mga tradisyonal na mga bahay na gawa sa kahoy at itinatayo sa mga kawayan. Maraming mga kabahayan sa palibot ng Hilagang Silangang Asya ay sumusunod sa ganitong padron.


Sa Gitnang Silangang Asya, ang mga bahay na gawa sa ladrilyo at putik ang popular. Ito ang mga materyales na ginagamit sapagkat ang Gitnang Silangan ay isang lugar na napakamabuhangin at napakamabato.Dito nila kinukuha ang kanilang mga materyales.




Sa Tsina, mayroon silang mga bahay na itinayo mula sa mga bato at ladrilyo. Ang mga bahay na ito ay tinatawag na *yaodong*. Sila ay karaniwang itinatayo sa mga bulubunduking rehiyon ng Tsina. Ang mga bahay na bato ng Yemen sa Gitnang Silangan ay katulad ng mga *yaodong*.

Maraming modernong mga bahay ang itinatayo mula sa semento at adobe at ang bubong ay gawa sa *G.I. sheets.* Ang mga materyales na ito ay madaling bilhin at handang makuha sa kahit saan man. Ito ang naging pamantayan para sa maraming mga bahay sa iba't ibang bahagi ng Asya.




Mayroon ka na ba ngayong mas mabuting ideya ng mga materyales na ginagamit sa iba't ibang bahagi ng Asya? Nakikita mo ba ang relasyon sa pagitan ng mga makukuhang materyales sa isang partikular na lugar at ang mga materyales na ginamit sa pagtatayo ng mga bahay roon? Dapat ay mapansin mo na ang kapaligiran—ang klima at ang makukuhang mga materyales—ay may malaking impluwensiya sa disenyo ng isang bahay.

Makikilala mo ba ang ilang mga bahay  sa iba’t ibang rehiyon ng Pilipinas? Paano ang mga materyales na kanilang ginamit? Maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa mga puwang na ibinigay sa ibaba.

| Pangalan ng Bahay | Materyales na Ginamit |
|---|---|
| ________________________ | _________________________ |
| ________________________ | _________________________ |
| ________________________ | _________________________ |
| ________________________ | _________________________ |

Marami sa mga iba’t ibang uri ng mga bahay sa palibot ng Pilipinas ay gumagamit ng tatlong pangunahing materyales. Ang mga materyales na ito ay ang nipa, kawayan at kahoy. Ang mga materyales na ito ay sagana sa buong Pilipinas kaya’t ito ang dahilan  kung bakit sila ang madalas na ginagamit sa pagpapatayo ng bahay.

- Ang mga Badjao ng Mindanao ay nanainirahan sa mga bahay na bangka na tinatawag na *lipa*. Ito ay gawa sa kahoy.

- Ang mga Bontoc ng Gitnang Luzon ay mayroong mga bahay na tinatawag na *ato* at ang *olog*. Ito ay mga bahay na gawa sa nipa at kawayan.


- Ang mga Kalinga ng Gitnang Luzon ay mayroong mga bahay na tinatawag na *dapay* at  *ebgan*. Ang mga bahay na ito ay gawa sa kahoy, nipa at kawayan.

- Ang mga Negrito na naninirahan sa buong Pilipinas ay nagtatayo ng kanilang mga bahay mula sa mga maliliit na sanga, dahon at damo.



## Subukan Natin Ito

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Kilalanin ang mga materyales na ipinapakita ng bawat larawan. Isulat ang rehiyon sa Asya kung saan sila masagana. Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang.




1. Ang materyales na ito ay tinatawag na

   ___________________________________

   Ito ay sagana sa

   ___________________________________




2. Ang materyales na ito ay tinatawag na

____________________________________

Ito ay sagana sa

____________________________________




3. Ang mga materyales na ito ay tinatawag na

____________________________________

Ito ay sagana sa

____________________________________



4. Ang materyales na ito ay tinatawag na

____________________________________

Ito ay sagana sa

____________________________________

Paano ang iyong ginawa? Maaari mong markahan ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng paghahambing sa kanila sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 56.

Ang mga materyales na ginamit sa iba't ibang rehiyon ng Asya ay minsan nagiging magkakatulad o magkakaiba. Kapag ikaw ay naninirahan sa kabayanan, karaniwan na ang lahat ng mga bahay ay gawa sa semento, adobe at bakal. Kapag pumunta ka sa isang lungsod, mapapansin mo ang kanilang pagkakatulad. Sa mga kanayunan, ang mga bahay ay gawa sa mga materyales na handang mapagkunan. Matatagpuan mo ang mga bahay na gawa sa kahoy, ladrilyo, bato, at iba pang mga materyales.


## Alamin Natin

Tingnan natin ngayon ang susunod na bagay na makapagpapasiya kung ano ang magiging anyo ng bahay.


3. **Teknolohiya**

Ang **teknolohiya** ay tumutukoy sa mga kagamitan na ginagamit sa pagtatayo ng isang bahay. Ang kagamitang makukuha ay nakakaimpluwensiya sa uri ng bahay na maaari mong itayo. Halimbawa, kung mayroon kang makukuha na may panghalo ng semento, maaari kang magtayo ng isang bahay na gawa sa semento nang walang hirap. Kung mayroon kang makukuha na lubid at kahoy, maaari mong siguruhin ang iyong bahay sa lubid.


Narito ang ilang halimbawa ng teknolohiya:



Ito ay istraw. Maitatali mo ang mga kahoy sa pamamagitan ng teknolohiyang ito. Madali mong makukuha ang materyales na ito sa kalikasan.



Ito ay isang panghalo ng semento. Sa pamamagitan nito, madali kang makapagpapatayo ng bahay na gawa sa semento. Ang teknolohiyang ito ay mas mahirap makuha di gaya ng iba sapagkat ito ay napakamamahalin.



Ito ay ang mga martilyo at pako. Maaari mo itong gamitin upang ipako ang mga piraso ng mga kahoy. Ito ay isa sa mga karaniwang teknolohiyang ginagamit sa pagtatayo ng mga bahay sa palibot ng Asya.




## Pag-isipan Natin Ito

Tatlong uri ng teknolohiya ang nabanggit sa nakaraang seksiyon. Ito ay ang istraw, martilyo at mga pako, at isang panghalo ng semento. Maaari mo bang isipin kung ano sa mga ito ang iyong ginamit nang iyong itayo ang iyong bahay? Maaari mong isulat ang iyong sagot sa linya sa ibaba.

Isang bagay na nakapagpapasiya kung anong teknolohiya ang iyong gagamitin ay ang halaga. Mas kakaunting mga tao ang gagamit ng mas mamahaling teknolohiya.

Nakikita mo ba ang relasyon sa pagitan ng teknolohiya at ang paraan ng magiging anyo ng bahay? Mayroon pang dalawang bagay na maaaring makapagpasiya kung ano ang magiging anyo ng bahay. Tingnan natin kung anu-ano ang mga ito.



## Alamin Natin Ito

Ang susunod na bagay ay maaaring isa sa pinakamahalaga sapagkat kabilang dito ang ating pakiramdam, pag-uugali, tradisyon at mga paniniwala na ating sinusunod.

4. **Kultura**

Ang kahulugan ng **kultura** ay ang mga ilang paniniwala at paraan ng pag-iisip o ang paggawa ng mga bagay na pinaghahatian ng ilang grupo ng mga tao. Ang mga grupo ng tao na ito ay maaaring maliit o napakalawak, gaya ng komunidad o kahit na ang isang bansa.

Kapag nagsasalita ka tungkol sa kultura, nagsasalita ka tungkol sa mga tiyak na patakaran, tradisyon, pag-uugali at paniniwala na iyong sinusunod. Ang mga patakaran, tradisyon, pag-uugali at paniniwala na ito ay makatutulong sa iyo na makapagpasiya ng iyong mga aksiyon sa isang partikular na sitwasyon. Matututuhan mo ang mga patakaran, tradisyon, pag-uugali at paniniwala ng mga ito sa iyong paglaki. Ang iyong mga magulang at nakatatanda ang nagturo sa iyo ng mga bagay na ito.

Maaari mo bang makilala ang ilang tradisyon, pag-uugali o paniniwala sa iyong sariling komunidad? Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang sa ibaba.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ano ang iyong mga sagot? Maaari mong isinagot na ang paggalang sa iyong mga nakatatanda ay napakahalaga sa iyong komunidad. Maaaring nabanggit mo rin ang mga espesyal na mga araw na ipinagdiriwang gaya ng pista ng inyong bayan. Narito pa ang ilan pang halimbawa ng pag-uugali, tradisyon at paniniwala.

- Pagbati sa mga matatanda sa pamamagitan ng pagmamano.
- Sa Mindanao, ang patay ay nararapat ilibing sa loob ng dalawampu't apat na oras. Kung isang miyembro ng pamilya ang namatay, isang puting telon ang isinasabit sa labas.
- Sa mga Muslim sa Hilagang Luzon, sa tuwing magkakaroon sila ng espesyal na okasyon, mayroon silang *cañao* na pagdiriwang na may sayaw.



- Ang pagsasanay sa *feng shui* ay karaniwang hindi lamang sa Pilipinas kundi sa palibot ng Asya. Ang mga naniniwala sa *feng shui* ay sumusunod sa mga partikular na patakaran kung paano ang pagdidisenyo ng bahay sa pamamaraan na ito ay magdadala ng pinakamaraming suwerte.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng paniniwala sa *feng shui* tungkol sa pagtatayo ng isang bahay:

1. Ang pasukan ay dapat na hindi nakaharap sa isang salamin at kung hindi ay mawawala ang magandang suwerte sa bahay.

2. Ang hapag-kainan ay hindi dapat nakikita mula sa sala.

3. Ang harap na pintuan ay hindi dapat nasa harapan ng harap na tarangkahan.



## Subukan Natin Ito

Tumingin ka sa palibot ng iyong bahay. Isipin mo kung ano ang ginagawa ng iyong pamilya sa bawat bahagi ng iyong tahanan. Maaari mong isulat ang lahat ng mga bagay na pumasok sa iyong isipan. Tanungin mo ang iyong mga miyembro ng pamilya tungkol sa mga pag-uugali at paniniwala na kanilang kinasasanayan bago pa itayo ang inyong tahanan. Naglagay ba sila ng ilang barya sa pundasyon o sa ilalim ng sahig? Mayroon ka bang dambana sa iyong bahay kung saan ikaw ay nananalangin?

Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Pag-isipan ang bawat tanong at kung paano ang naging kinalaman nito sa iyong bahay?

1. Ilang mga tao ang naninirahan sa iyong bahay? ________________

2. Gaano kahaba na ang iyong paninirahan sa iyong bahay? ____________________

3. Mayroon ka bang dambana o altar sa iyong bahay? ____________________

Paano mo nakita ang mga tanong? Ang bawat isa sa mga tanong na iyong sinagot ay may kinalaman sa kultura. Nagtataka ka ba kung paano ang bawat isa sa mga tanong na yaon ay may kinalaman sa iyong bahay? Matututuhan mo pa lamang ang mga dahilan kung bakit!



Ang lahat ng kultura, tradisyon, paniniwala at patakaran ay may inpluwensiya sa anyo ng iyong bahay. Ang mga tradisyong pampamilya ay pakapagpapainpluwensiya sa bilang ng tao sa loob ng isang bahay. Ang pamilya ay napakahalaga sa mga tao sa Asya at mayroong mga pagkakataon na matatagpuan mo ang mga lola, lolo, tiyahin at tiyuhin na naninirahan kasama ng isang pamilya. Minsan maaari mo pang matagpuan ang buong angkan na magkakasamang nakatira sa ilalim ng iisang bubong.



Maraming mga tao ang inilalagay ang kanilang mga bahay malapit sa lugar na kanilang pinapasukan. Maraming mga mangingisda ang nagtatayo ng mga bahay malapit sa tubig upang mas madali silang makapunta sa kanilang mga bangka. Ang mga magsasaka ay nagtatayo ng kanilang mga bahay malapit sa kanilang sakahan. Subalit, kung saan may mapagkukunan ng mga pampublikong mga sasakyan, maaaring maglagay ang mga tao ng kanilang mga bahay kahit malayo sa lugar na kanilang pinapasukan.

Ang haba ng panahon na ipinanatili mo na manirahan sa isang lugar ay maaari din makainpluwensiya ng bahay na iyong itinayo. Ang ilang mga tao sa Asya ay malimit na magpalipat-lipat ng bahay dala ang kanil-kanilang mga bahay.Ang mga bahay na ito ay madaling itayo at kalasin. Ang iba na naninirahan sa isang lugar sa loob ng mahabang panahon ay karaniwang nakapagpapatayo ng matatag na mga tirahan mula sa semento o mahahabang piraso ng mga kahoy.



## Subukan Natin Ito

Maaari ka bang makapag-isip ng mga pag-uugali na nakaiimpluwensiya sa anyo ng iyong bahay? Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Ikaw ba ay napagpayuhan na gawin ang iyong bahay na nakaharap sa isang tiyak na direksiyon nang ito ay iyong itinayo?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________


2. Mayroon bang mga pag-uugali, patakaran,  tradisyon, o paniniwala na nakaapekto sa paraan ang iyong bahay ay itinayo (ang lokasyon ng mga pintuan at bintana, ang disenyo ng bawat silid, at iba pa?)

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________


Paano ang nakita mo sa mga tanong? Maaaring nakita mo na ang relasyon ng iba't ibang mga bahagi ng iyong bahay at ang mga tradisyon, ugali at paniniwala sa iyong komunidad.



## Alamin Natin

Maaaring ang bagay na nakapag-impluwensiya nang malaki sa disenyo ng isang bahay ay ang kultura. Ang mga paniniwala at patakaran ng isang komunidad ay magkakaroon ng epekto kung gaano kalaki o kaliit ang isang bahay at kung saang direksiyon ito dapat humarap. Malimit, ang ispirituwal a paniniwala ng isang grupo ng mga  tao ay nakapagiimpluwensiya sa paraan ng magiging anyo ng kanilag bahay. Karaniwan, ang direksiyon na hinaharap ng isang bahay ay base sa mga ispirituwal na paniniwala. Ang sukat at hugis ng lote, ang paglalagay ng mga pintuan at mga bintana ay nakaposisyon na kung saan ito ay makapagbibigay ng magandang suwerte at paalisin ang lahat ng masasamang ispirito. Sa Pilipinas, maraming mga tao ang mayroong pagbebedisyon ng bahay matapos makumpleto ang bahay upang magdala ng magandang kapalaran at bendisyon.

Ang mga *Ainu* ng Hilagang Japan ay nagtatayo ng kanilang nga bahay na may sagradong bintana natinatawag na *rorun puyara.* Ang bintana na ito ay dapat laging nakaharap sa silangan. Naniniwala ang mga *Ainu* na ito ang magiging pasukan para sa mga diyos at iba pang sagradong mga bagay.




Maraming mga Burmese at Cambodians ay naghaharap ng kanilang mga bahay sa isang tiyak na direksiyon. Sa dalawang bansang Asyano na ito, ang mga pasukan ng mga bahay ay dapat na nakaharap sa silangan. Karaniwan silang nagtatayo ng altar ng *pagoda* na nakaharap sa ganitong direksiyon.




Ang mga paniniwala tungkol sa pamilya ay mahalaga rin na bagay sa disenyo ng isang bahay. Ang pag-uugali at paniniwala tungkol sa kasal at pamilya ay nakapagpapasiya ng sukat at hugis ng isang bahay.

Sa Myanmar, kapag nag-asawa ang isang lalaki, siya ay nagtutungong manirahan sa bahay ng kanyang mga biyenan .Upang mabigyan ng lugar ang mag-asawa isang karagdagang silid ang itinatayo. Sa Cambodia, ang anak na lalaki na nag-asawa ang siyang namimili kung saan itatayo ang kanyang bagong bahay.

Ang *Minangkabau* na tribo sa Malaysia ay naniniwala na ang lahat ng miyembro ng kanilang angkan at dapat manirahan nang magkakasama. Dahilan sa paniniwalang ito, nagtatayo sila ng mahahabang mga bahay na kung saan ang buong angkan ay naninirahan. Ang mga mahahabang mga bahay na ito ay tinatawag na *rumah gadang.* Ang mga bahay na ito ay karaniwang nakaangat sa lupa.





Ang mga *T'boli* ng Pilipinas ay mayroon din mahahabang mga bahay na tinatawag na *gunu bong.* Karaniwan na ang mga kamag-anakan ng isang pamilya ay naninirahan sa iisang bahay. Ang bilang ng mga tao na naninirahan sa isang *T'boli* ay mula walo hangggang labing anim na mga miyembro. Ang bakay ay gawa sa kahoy at kogon o mga tuyong damo. Gaya ng *ruma gadang* ng Malaysia, ang mga bahay na ito ay nakaangat sa lupa.



Mayroon din mga taong walang permanenteng lugar na tinitirahan. Sila ay tinatawag na mga ***nomads.*** Sila ay nagpapalipat-lipat ng lugar, karaniwang dinadala ang kanilang mga kabuhayan sa iba-ibang lupain tuwing sa isang partikular na panahon sa loob ng isang taon.

Ang mga tao ng Mongolia ay *nomadic*, kung kaya lumilipat sila ng iba't-ibang lugar. Ang mga bahay na tinitirahan nila ay binubuo lamang— maaari nila itong dalhin kahit saan sila magpunta Kinakailangan lamang ng kukulangin sa isang oras upang maitayo ang bahay. Ang bahay na ito ay tinatawag na *yurt.*





Marahil isa sa mga karaniwang katangian ng mga bahay sa palibot ng Asya ay ang lugar kung saan ang mga tao ay nananalangin. Ang mga lugar na ito ay karaniwan sa Hilagang Asya at Timog Silangang Asya. Mayroong karaniwang mga espesyal na lugar sa bahay na nakareserba para sa mga diyos o ispirito ng mga ninuno.


Sa Timog Asia, maraming mga tirahan ang may altar ng kanilang mga diyos. Ang pinakakaraniwan ay ang altar ng diyos na si *Krishna*, na sinasamba ng mga Hindu.




Sa halos lahat ng mga bahay sa Asya, makakatapo ka ng mga dambana o altar Ito ang lugar kung saan sila nananalangin at itinatago ang kanilang mga sagradong imahe. Halimbawa, sa Cambodia, Myanmar at Thailand, ang altar ng Buddha ay bahagi ng bawat bahay. Sa Hilagang Asya, ito ay karaniwang altar ng mga yumaong mga ninuno. Ang mga uri ng ganitong mga altar ay karaniwan din sa Tsina.




Ang *Ainu* ng Hilagang Japan ay mayroon din isang lugar na nakareserba para sa mga ispirito at mga diyos. Ang tawag nila sa bahagi ng bahay na ito ay *shintoko* (na ang ibig sabihin ay kayamanan) at *chisekorokamui* ( na ang ibig sabihin ay simbolo ng diyos ng may-ari ng bahay). Ang ilan sa ibaba ay mga simbolo o *inau.*



*kikechinoye inau* ( ang simbolo na may pinilipit na kandado)



*kikeparase inau* ( ang simbolo na may malayang gumagalaw na kandado)



*ponsutu inau* ( maliit na *inau* na gawa sa *willow*)

Ano ang naramdaman mo sa iyo lamang binasa? Nakita mo ba ang inpluwensiya ng kultura sa iyong sariling bahay o sa bahay ng iyong kapit-bahay?

Sa nakaraang gawain, sinagot mo ang mga tanong tungkol sa bilang ng mga tao na naninirahan sa iyong bahay. Nakita mo ba kung paano ang sukat ng isang pamilya ay maaaring makaapekto sa sukat ng isang bahay? Nakita mo ba ang relasyon sa pagitan ng kultura at ang disenyo ng bahay?



## Subukan Natin Ito

Tanungin sa taong nagtayo ng iyong bahay kung magkano ang kanilang ginastos sa pagpapagawa nito? Pagkatapos ay magpunta sa iyong lokal na tindahan ng *hardware* at tingnan ang mga halaga ng mga materyales na makukuha dito (kahoy, adobe, semento at iba pa). Isulat sa linya ang halaga ng iyong tirahan at ang kasalukuyang halaga ng mga materyales. Subukan estimahin kung gaano ang halaga ng pagpapatayo ng iyong bahay sa halaga ng kasalukuyang mga materyales.


______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


Ano ang iyong natutuhan sa pagtalakay ng halaga ng iyong bahay? Napagisipan mo ba ang kahalagahan ng pera sa sa pagpapasiya sa sukat ng isang bahay? Bawat piraso ng kahoy at bawal panelo ng bubong ay dapat bilhin kahit na ang iyong mga kasangkapan at *appliances*.




## Alamin Natin

5. **Mapagkukunang Pinansiyal**

Ang **mapagkukunang pinansiyal** ay tumutukoy sa kakayahang gumastos para sa pagpapatayo ng buhay. Siyempre, mas malaki ang bahay mas magastos din itong itayo. Isa pa, kung ang bahay ay gawa sa mga materyales gaya ng marbol o semento, mas magiging magastos itong itayo kaysa magtayo ng isang bahay na gawa sa kawayan o kahoy.



Kung ikaw ay may maraming mapagkukunang pinansiyal, makabibili ka ng maraming materyales  para sa iyong bahay. Maaari mo rin gustuhin magtayo ng mas malaking bahay.



Kung wala kang gaanong mapagkukunang pinansiyal sa pagpapatayo ng iyong bahay, maaaring hindi ka makapagpatayo ng malaking bahay.

Nararamdaman mo ba na ang mapagkukunang pinansiyal  ay mayroong malaking inpluwensiya  kung paano ang magiging kakalabasan ng isang bahay? Sa Aralin 1, natutuhan  mo ang suliranin sa kakulangan ng pabahay. Isa sa pinakamalaking bagay kung bakit ang mga tao ay walang  mga bahay ay dahil  hindi nila kayang tustusan iyon. Ang halaga ng pagtatayo ng isang bahay ay karaniwang napakagastos, kaya't ang tao ay nagkakasya na lamang sa mga materyales na kanilang mahahanap.

Nadaanan mo na ang limang  mahahalagang bagay na nakaaapekto sa paraan ng anyo ng isang bahay. Ito ang mga bagay na nakapagiinpluwensiya sa paraan ang mga kabahayan ay itinatayo sa buong Asya. Naiinpluwensiyahan nito maging ang anyo ng sarili mong bahay.

## Tandaan Natin

Magbalik tayo sa mahahalagang puntos.  Sa aralin na ito, natutuhan mo na ang itsura ng isang bahay ay napagpapasiyahan sa pamamagitan ng maraming mga bagay. Subalit,  mayroong limang bagay na mahalaga sa pagpapasiya  kung paano ang magiging anyo ng isang bahay. Ang limang bagay na ito ay:

- **Klima**—ang kondisyon ng panahon sa isang lugar
- **Mapagkukunang Materyales—**ang mga partikular  na makukuhang mga materyales sa pagtatayo ng isang bahay
- **Teknolohiya**—mga kagamitan  makukuha  upang ilagay ng magkakasama ang mga materyales

- **Kultura—**ang grupo ng mga patakaran o paniniwala na iyong sinusunod na akakainpluwensiya  sa uri ng disenyo ng bahay  na naaangkop para sa iyo.

- **Mapagkukunang Pinansiyal**—tumutukoy sa kakayahang gumastos para magpatayo ng bahay.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

A. Kilalanin ang limang mga bagay na makapagpapasiya  kung paano ang magiging anyo ng isang bahay.Maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa mga linya.

1. ____________________ ay tumutukoy sa kondisyon ng isang lugar.

2. ____________________ ay tumutukoy sa  mga materyales  na ginagamit sa pagtatayo ng  bahay.

3. ____________________ ay tumutukoy sa mga kagamitan  na ginagamit sa pagtatayo ng  bahay.

4. ____________________ ay tumutukoy sa mga patakaran  at paniniwala  na mayroon ang mga tao.

5. ____________________ ay tumutukoy sa kakayahang gumastos para magpatayo ng bahay.

B. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay tama at **Mali** kung ang pangungusap ay mali. Kung ang pangungusap ay mali, isulat ang tamang pangungusap sa patlang.

____________ 1. Ang *nipa hut* ng Pilipinas at ang mga bahay na bato sa Gitnang Silangan  ay magkakatulad.

____________________________________

____________________________________

___________ 2. Ang *yaodong* ng Tsina at ang mga bahay na bato sa Yemen ay parehong gawa sa bato.

_________________________________

_________________________________

___________ 3. Ang *rumah gadang* ng Malaysia at ang *gunu bong* ng Pilipinas ay parehong malalaking mga bahay kung saan ang malalaking pamilya ang naninirahan.

_________________________________

_________________________________

C. Kapanayamin ang isang miyembro ng iyong komunidad kung paano ang limang bagay ay nakapag-iimpluwensiya sa paraan ng pagdisenyo ng bahay. Maaari mong ipaliwanag ang bawat isa sa mga limang bagay sa kanila: at hayaang silang magbigay ng kanilang opinyon kung paano ang mga bagay na ito ay nakainpluwensiya sa disenyo at istraktura ng kanyang bahay. Isulat ang iyong mga natuklasan sa mga puwang sa ibaba.

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

Maaari mong paghambingin ang iyong mga sagot sa mga matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 56–57.

## Tandaan Natin

Sa aralin na ito, natutuhan mo ang tungkol sa limang bagay na nakatutulong sa pagpapasiya kung ano ang magiging anyo ng iyong bahay. Ang limang mga bagay na ito ay ang:

- Klima
- Mga Makukuhang Materyales
- Teknolohiya
- Kultura
- Pinansiyal na Mapagkukunan

Natutuhan mo na maraming pagkakatulad at pagkakaiba ang mga bahay sa Asya. Ang kanilang mga pagkakatulad at pagkakaiba ay depende sa limang mga bagay na natutuhan. Ito ay ang mga bagay na makapagpapasiya ng iba't-ibang uri ng mga bahay sa palibot ng Asya.

## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, natutuhan mo ang tungkol sa pangangailangan ng lahat ng masisilungan. Natutuhan mo na kahit saan sa palibot ng Asya, ang tao ay naghahanap ng masisilungan. Ito ay pangkaraniwang pangangailangan. Natutuhan mo pa na ang mga pamahalaan ng iba't-ibang bansang Asyano ay sinubukang makapagbuo ng mga programa upang makatulong sa pagbibigay ng mga bahay para sa mga wala pa.

Natutuhan mo rin na may limang mga bagay na nakakaapekto sa anyo ng isang bahay. Kung titingnan mo ang iba't-ibang mga bahay sa palibot ng Asya, mapapansin mo na ang mga bahay ay mayroong pagkakatulad at pagkakaiba. Kung paano ang anyo ng mga bahay na ito ay naiinpluwensiyahan ng limang bagay:

- Klima
- Mga Makukuhang Materyales
- Teknolohiya
- Kultura
- Pinansiyal na Mapagkukunan

Sa palibot ng Asya, kailangan ng tao ng masisilungan—gaya mo. Mayroong mula sa Saudi Arabia o Burma ang nakakakuha ng parehong benepiso  na nakukuha mo sa iyong bahay. Sa iba't-ibang rehiyon ng Asya ay matatagpuan mo  ang mga magkakatulad na mga materyales at klima, mapapamansin mo rin na ang mga bahay  ay magkakatulad sa disenyo at istraktura.

Kung mayrkoong isang bagay na magkapareho tayo sa ating mga kapatid na Asyano, ito ay ang pangangailangan natin lahat ng bahay. Maging malaki man ito o maliit, kailanganan natin silang lahat.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

A. Ipaliwanag kung bakit ang masisilungan ay mahalaga para sa ating lahat.

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

B. Natutuhan mo sa Aralin 1 na ang masisilungan ay gumaganap ng mga partikular na mga tungkulin. Maaari mo bang kilalanin ang mga tungkulin na ito? Isulat ang iyong mga sagot sa mga linya sa ibaba.

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

4. ______________________________________________

5. ______________________________________________

C. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Ang bawat parilala ay naglalarawan ng isa sa mga mahahalagang bagay na nakapagiinpluwensiya ng disenyo ng bahay. Isulat kung anong bagay ang isinalalarawan ng bawat parilala.

__________ 1. ang halimbawa nito ay kung gaano ito nagiging mainit sa isang partikular na lugar.

__________ 2. ang halimbawa ng bagay na ito ay martilyo at pako.

__________ 3. semento at kawayan ang halimbawa ng bagay na ito.

__________ 4. ito ay tumutukoy kung anong materyales ang maaari mong makayanan kapag nagpatayo ka ng bahay.

__________ 5. ito ang pinakamainpluwensiyang bagay; kabilang dito ang mga patakaran, tradisyon, at paniniwala na sinusunod sa kanyang komunidad.

D. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Mayroong bahay sa Malaysia na tinatawag na *rumah gadang* na kung saan malalaking pamilya ang naninirahan. Ang bahay na ito ay may katulad na anong ibang bahay sa Asya.

    a. Ang *ondol* ng Korea

    b. Ang *gunu bong* ng Pilipinas

    c. Ang *yaodong* ng Tsina

    d. Ang bahay ng mga *Ainu* sa Hilagang Japan.

2. Ang *yaodong* ay isang bahay na gawa sa bato na matatagpuan mo sa:

    a. Japan

    b. Yemen

    c. Tsina

    d. Burma

3. Ang ilan sa mga tao ng Hilagang Asya ay *nomadic*, na ang ibig sabihin ay palipat-lipat ng ibang lugar. Paanong ang aspeto ng kanilang kultura  makakaapekto sa paparaan na ang kanilang mga bahay ay dinisenyo?

   a. Ang kanilang bahay ay madaling buuin at madaling kasalin.

   b. Ginagawa nila ang kanilang mga bahay mula sa semento.

   c. Gumugugol sila ng mahabang panahon sa pagtatayo ng kanilang mga bahay.

   d. Pinipili nila ang mga mabibigat na materyales tulad ng ladrilyo o bato.

Paano ang iyong ginawa? Nahirapan ka ba sa pagsagot sa alinmang mgakatanungan? Maaari mong ipaghambing ang iyong mga sagot  sa mga matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 57–58.

Kung nasagot mo ang lahat ng tanong ng tama, iyan ay magaling! Ang ibig sabihin ay naintindihan mo ang paksa. Ngayon ay may karunungan ka na tungkol sa iba't ibang uri ng mga bahay sa palibot ng Asya. Maaari mong basahin muli ang modyul na ito upang magbalik-aral kung ano ang iyong mga natutuhan.

Kung mayroon kang ilang mali, huwag mag-alala. Pag-aralan na lamang ang mga bahagi na hindi mo naintindihan.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–4)*

1. **Klima**—tumtukoy sa temperatura o panahon sa isang partikular na lugar

2. **Materyales—**tumutukoy sa mga materyales na ginamit sa pagtatayo ng bahay. Kabilang dito ang kahoy, semento,*G.I.sheets* at kawayan.

3. **Teknolohiya—**tumutukoy sa mga kagamitan na makukuha at ginagamit sa pagtatayo ng mga bahay. Kabilang dito ang martilyo at mga pako, panghalo ng semento at lubid.

4. **Kultura**—tumutukoy sa mga grupo ng mga patakaran o paniniwala na gumagabay kung paano mag-iisip at kikilos ang tao. Kabilang dito kung paano ang pakiramdam ng tao sa kanilang bahay at kung ano ang gamit nito sa para sa kanila.

5. **Mapagkukunang Pinansiyal**—tumutukoy sa kakayahang gumastos para sa pagpapatayo ng bahay.

B. 1. Ang tamang sagot ay **(c)—magaan at magalaw.** Ang mga *nomads* ay mga taong palipat-lipat ng lugar kaya't kailangan nila nang madaling dalhin na masisilungan. Ang halimbawa ng gamitong uri ng madaling dalhin na bahay ay ang *yurt* ng Timog Asia. Ang (a) ay mali sapagkat ang ladrilyo ay hindi magaan na materyal. Ang (b) at (d) ay mali sapagkat hindi sila mga katangian na matatagpuan ng mga bahay na madaling dalhin. Isinalalarawan nila ang mga tahanan na matatagpuan sa Timog Silangang Asya na mga hindi madaling dalhin.

2. Ang tamang sagot ay **(b)-isang lugar upang itago ang mga alagang hayup.** Karaniwan, ang puwang na ito ay ginagamit upang itago ang mga alagang hayup na inaalagaan ng may-ari ng bahay. Ang (a), (c) at (d) ay mali sapagkat ang tao ay hindi gumagamit ng espasyo sa ilalim ng kanilang bahay para sa mga layunin na iyon.

3. Ang tamang sagot ay **(a)—karaniwan silang mayroong altar o dambana.** Ang karaniwang pagkakatulad sa mga bahay sa Asya ay ang pagkakaroon ng altar o dambana na kung saan ang mga naninirahan ay nananalangin. Ang letrang (b) ay mali sapagkat hindi lahat ng mga bahay sa Asya ay malalaki, ang (c) ay mali sapagkat hindi lahat ng mga bahay ay gawa sa putik o ladrilyo at ang (b) ay mali sapagkat hindi lahat ng tahanan ay mayroong garahe.


C. 1. Ang masisilungan ay isa sa tatlong pangunahing <u>pangangailangan</u> ng tao.

2. Lahat ay nangangailangan ng masisilungan upang patuloy na <u>mabuhay.</u>


(para sa aytem mula 3 hanggang 5, maaari mong banggitin ang kahit ano sa mga sumusunod:)

- Pinoprotektatahan tayo laban sa ulan, hangin, matinding lamig at mainit na araw.
- Nagbibigay ito sa atin ng lugar upang kumain at matulog
- Nagbibigay ito sa atin ng ligtas at siguradong lugar upang palakihin ang ating mga anak.
- Nagbibigay ito sa atin ng isang lugar kung saan mailalagay ang ating mga ari-arian.
- Nagbibigay ito sa atin ng pangangailangang pampribado.

D.



Ang bahay na ito ay tinatawag na isang *yurt*. Matatagpuan mo ang bahay na ito sa Hilagang Asya.



Ang bahay na ito ay tinatawag na isang *yaodong*. Matatagpuan mo ang bahay na ito sa Silangang Asya.




Ang bahay na ito ay tinatawag na isang *nipa hut*. Maaari mong matagpuan ang bahahy na ito sa Timog Silangang Asya.



Ito ay isang bahay na bato. Maari mong matagpuan ang bahay na ito sa Kanlurang Asia (sa Gitnang Silangan).

E.





## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pp. 8–9)*


| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | E | S | U | O | H | N | W | O | T | G | A |
| G | O | V | O | L | T | A | I | R | E | G | L |
| N | D | N | Y | B | U | K | N | L | Y | B | A |
| T | F | X | G | A | C | V | B | N | E | A | M |
| J | E | A | R | H | W | Q | W | M | S | H | O |
| R | G | N | T | A | O | Y | A | N | O | A | B |
| M | H | K | T | Y | K | U | A | O | T | Y | A |
| Q | J | K | L | K | B | W | S | M | J | S | P |
| F | P | U | K | U | Z | K | W | E | B | A | A |
| C | H | O | Y | B | K | N | E | G | O | P | G |
| O | Y | Y | A | O | D | O | N | G | Y | U | D |
| H | C | U | A | P | B | A | T | A | P | N | G |
| X | C | R | V | B | A | N | M | N | M | O | N |
| Z | A | T | S | D | F | R | G | H | J | L | Y |
| Q | W | E | R | T | Y | U | T | I | O | P | L |
| O | P | Q | R | S | T | U | V | M | W | Z | Y |
| N | M | L | K | J | I | H | G | F | E | E | D |
| B | U | N | G | A | L | O | W | C | B | N | A |
| M | U | I | N | I | M | O | D | N | O | C | T |

*Subukan Natin Ito (pahina 9)*



Bahay na Bato

Ang uri ng bahay na ito ay karaniwan sa Batanes sa Katimugan Luzon.



Bahay na Malapit sa Tubig

Ang uri ng bahay na ito ay karaniwan sa Mindanao.



Bahay na Kahoy

Ang uri ng bahay na ito ay karaniwan sa Luzon, sa Visayas at sa Mindanao.

*Subukan Natin Ito (pahina 12)*

1. Ang mga bahay ay pinoprotektahan tayo laban sa ulan, hangin, ang mainit na araw at matinding lamig.

2. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng lugar upang kumain at matulog.

3. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng ligtas at siguradong lugar kung saan maaari nating palakihin ang ating mga anak.

4. Ang mga bahay ay nagbibigay s atin ng isang lugar kung saan mailalagay ang ating mga ari-arian.

5. Ang mga bagay ay nagbibigay sa atin ng privacy.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 14)*

Narito ang ilan sa mga halimbawang sagot. Ang iyong mga sagot ay maaaring magkakaiba. Talakayin ang iyong mga sagot sa iyong *Instuctional Manager* para sa karagdagang puna.

1. Minsan, nakakakita ako ng mga pamilyang natutulog sa mga lansangan. Alam ko na ang mga taong ito ay walang tirahan. Hindi ko alam na mayroon palang maraming pamilya ang walang tirahan sa Pilipinas.

2. Maraming tao sa Pilipinas ang walang mga bahay. Ito ay isang seryosong suliranin lalo na sa mga kapatagan na kung san maraming mga tao ang nagtutungo upang maghanap ng trabaho. Daghilan sa kakulangan sa pabahay, ang mga tao ay napupuwersang magtayo ng mga walang halagang bahay sa mga siksikang komunidad na kulang sa mga pangunahing serbisyo. Ang mga komunidad na ito ay walang sapat na sistema sa patubig, sanitasyon, pagtatapon ng basura at disenteng kalsada.

3. Ang pamahalaan ay nagpapatupad ng mga programaupang maipahayag ang suliraning ito. Ang mga programang ito ay maaaring makatulong sa mga tao kung maipatutupad ng wasto. Hindi lamang mga bahay ang maaaring makuha ng mga tao na wala, ngunit maraming trabaho na magagawa sa paggawa ng mga bahay.

*Subukan Natin Ito (pahina 16)*

Narito ang ilang mga halimbawang sagot. Ang iyong mga sagot ay maaaring magkakaiba. Talakayin ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagang puna.

1. Ang mga komunidad ay makakatulong sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga programa ng pamahalaan. Ang mga miyembro ng komunidad ay maaaring magtayo ng mga boluntaryong programa na makatutulong sa pagpapatayo ng mga bahay. Ilan pang mga programa tulad ng kooperatibang para sa pbahay ay makakatulong din upang maresolba ang suliranin ng kawalang tirahan.

2. Ang aking bahay ay mahalaga para sa akin. Kapag ako ay umuuwi ng bahay, nakakapagpahinga ako doon. Alam ko rin na makikita ko ang aking pamilya doon. Kumakain mami ng magkakasama at nanonood ng telebisyon sa aming bahay. Ang aking bahay ay mahalaga din sapagkat hindi ko kailangang mangamba kung saan ako sisilong kapag umulan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 17–18)*

A.
1. Pananamit
2. Pagkain
3. Pagkain
4. Masisilungan
5. Pagkain
6. Masisilungan
7. Pagkain
8. Masisilungan
9. Masisilungan
10. Pananamit

B. Dapat ay natsekan mo ang mga sumusunod na mga pangungusap.

2. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng masisilungan mula sa ulan at ang mainit na araw.
5. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng isang lugar kung saan mailalagay ang aitng materyal na ari-arian.
6. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng lugar upang kumain at matulog.
8. Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng isang lugar upang palakihin ang ating mga anak.
10. Ang mga bahay ay nagbibigay ng pangangailangang pampribado.

C.
1. Ang masisilungan ay mahalaga sa bawat isa sapagkat isa ito sa mga pangunahing pangangailangan ng tao. Napag-isipan mo a ba kung ano ang kahihinatnan kung hindi ka makakatagpo ng masisilungan kahit saan? Ang bawat isa ay nangangailangan ng masisilungan upang patuloy na mabuhay.

   Mga programa ukol sa mababang halaga ng pabahay , mababang pagbabayad ng interes para sa mga bahay at pagsasabsidisyo ng pabahay ng pamahalaan ay ilanlamang sa mga paraan upang maresolba ang suliranin. Ang peibadong sektor ay maaari din gumawa para sa komunidad upang tumulong magbuo ng mga programa para sa paggawa ng mga mababang halaga ng mga pabahay. Ang komunidad ay makakatulong sa pamamagitan ng pagboboluntaryo para sa aktuwal na aggawa ng bahay.

2. Ang mga komunidad ay makatutulong sa pagsugpo ng ilang suliranin sa kakulangan sa pabahay. Ang mga siksikang komunidad ay maaaring tumulong sa pamamagitan ng pagsisigurado na ang kanilang mga kapaligiran at magiging malinis. Ang komunidad ay dapat magtrabaho ng sama-sama upang mapanatili ang klinisan at sanitasyon. Ang maayos na programa ng pagtatapon ng basura ay maaari din ipatupad ng komunidad.

   Ang pamahalaan ay maaari din makatulong ng marami. Ang pinakamahalagang bagay ay dapat na tayo ay maghangad ng mas maayos na kalidad ng buhay para sa ating sarili.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pahina 26)*

1. Ang klima ay tumutukoy sa panahon sa isang partikular na lugar.


2. Ang Pilipinas ay isang bansang tropikal. Ang klima ay mainit sa loob ng buong taon at mayroong dalawang panahon: tagbasa at tagtuyo.

3. Narito ang isang halimbawang kasagutan. Maaari mong nasagot ng iba ang tanong:

   Ang aming bahay ay talagang itinayo upang ito maging malamig. Mayroon kaming mga malaking bintana upang pumasok angsimoy ng hangin. Ito rin ay gawa sa kawayan at kahoy, na maaayos na materyales. Sinadya naming itayo iyon ng ganoon sapagkat kung minsan ay talagang mainit , at gusto namin na maging malamig ang aming bahay.


   Talakayin ang iyong sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagang puna.

*Subukan Natin Ito (pahina 30)*




1. Ang materyal ay tinatawag na **kahoy.**

   Ito ay masagana sa Timog Silangang Asya at sa Hilagang Asya.




2. Ang materyal na ito ay tinatawag ng **ladrilyo.**

   Ito ay masagana sa Gitnang Silangan.



3 Ang mga materyales na ito ay tinatawag na adobe at *nipa hut.*

   Ito ay masagana sa lahat ng bahagi ng Asya.



4. Ang mga materyales na ito ay tinatawag na *nipa* at kawayan.

   Ito ay masagana sa lahat ng bahagi ng Timog Silangang Asya.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 43–44)*

A. 1. Klima

   2. Makukuhang materyales

   2. Teknolohiya

   3. Kultura

   4. Mapagkukunang Pinansiyal

B. 1. **Mali.** Ang *nipa hut* ay gawa sa kahoy o kawayan at ang mga bahay na bato naman ay gawa sa ladrilyo at putik.

   2. **Tama.** Ang *yaodong* ng Tsina at ang mga bahay na bato ng Yemen ay parehong gawa sa bato.

3. **Tama.** Ang *rumah gadang* ng Malaysia at ang *gunu bong* ng Pilipinas ay magkatulad. Pareho silang sadyang napakalaki upang pamahayan ng malalaking pamilya.

C. Narito ang isang halimbawang sagot. Ang iyong sagot ay maaaring magkaiba.Maaari mong talakayin ito sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagang puna.

Kapag nagpatayo ako ng aking bahay, kailangang isipin ko kung ilang tao ang maninirahan doon. Hangga't maaari, gusto kong makasama sa aking paligid ang mga taong mahalaga sa akin. Gusto ko rin mapagisipan kung gaano karaming halaga ng pera na mayroon ako. Ang materyales ay medyo may kamahalan kaya't maaaring hindi ako makapagtayo ng napakalaking bahay.

Pipiliin ko ang adobe at semento para sa aking bahay sapagkat sila ay matibay at kakayanin nila ang anumang malalakas na hangin kapag mayroong bagyo. Ang mga materyales na ito ay nakahandang makuha sa *hardware store* at nakakuha ako nito sa badget na mayroon ako. Sa loob ng bahay, nagtayo ako ng dalawang silid at naglagay ng altar upang kami ay makapagpanalangin.

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 46–48)*

A. Ang masisilungan ay mahalaga sa atin sapagkat lahat tayo ay nangangailangan nito upang tayo ay patuloy na mabuhay. Ang masisilungan ay isa sa tatlong pangunahing pangangailangan ng tao. Kapag walang masisilungan, tayo ay mailaladlad sa hangin at ulan at magiging mahirap na maging malusog. Kahit ang maraming mga hayup ay kailangan ng masisilungan upang patuloy na mabuhay.

B. Ang sumusunod ay ilan sa mga tungkulin ng mga bahay:

- ♦ Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng masisilungan mula sa ulan at sa mainit na araw.
- ♦ Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng isang lugar upang mailagay ang ating mga materyal na mga ari-arian.
- ♦ Ang mga bahay ay nagbibigay sa ati ng isang lugar upang kumain at matulog.
- ♦ Ang mga bahay ay nagbibigay s atin ng ligtas at siguradong lugar upang palakihin ang ating mga anak.

- ♦ Ang mga bahay ay nagbibigay sa atin ng mga pangangailangang pampribado.

C. 1. Kung gaano kainit sa isang partikular na lugar ay isang halimbawa ng **klima.**

2. Ang martilyo at mga pako ay mga halimbawa ng **teknolohiya.**

3. Ang semento at kawayan ay mga halimbawa ng **mapagkukunang materyales.**

4. Ang halaga ng pera na maaari mong gamitin sapagpapatayo ng iyong bahay ay isang halimbawa ng **mapagkukunanag pinansiyal**.

5. Ito ang pinakamainpluwensiyang bagay sa pagpapatayo ng tahanan. Kabilang dito ang mga patakaran, paniniwala at tradisyon na iyong sinusunod sa pagdidisenyo ng iyong bahay. Ang bagay na ito ay **kultura.**

D. 1. Ang tamang sagot ay **(b)**—***ang gunu bong ng Pilipinas.*** Pareho silang gawa sa kahoy at itinayo upang pamahayan ng malalaking pamilya. Ang letrang (a) at (c) ay mali sapagkat sila ay gawa sa bato at hindi sa kahoy. Ang letrang (d) ay mali sapagkat hindi ito itinayo para sa malalaking pamilya.

2. Ang tamang sagot ay **(c)—Tsina**. Ang *yaodong* ay isang uri ng bahay na matatagpuan sa Tsina.

3. Ang tamamng sagot ay **(a)—Sila ay madaling dalhin na mga bahay at madali na kalasin at itayo.** Sapagkat ang mga *nomad* ay malimit na gumalaw, nararapat na dalhin nila ang kanilang mga masisilungan . Sa ganitong layunin, ginawa nila ang kanilang mga masisilungan ng magaan at madaling dalhin. Ang letrang (b) at (d) ay parehong mali sapagkat sila ay mga mgateryales na ginagamit sa mga bahay na sinadyang maging permanente. Ang letrang (c) ay mali sapagkat ang mga bahay ng tao sa Hilagang Asya ay dapat na madaling itayo at kalasin.

# Talahuluganan

**Klima** Ang temperatura o panahon sa isang partikular na lugar.

**Kultura** Ilang mga paniniwala at paraan ng pag-iisip o paggawa ng mga bagay na pinagsasaluhan ngilang grupo ng mga tao.

***Feng Shui*** Isang tiyak na grupo ng mga patakaran kung paano ididisenyo ang bahay na kung saan ito ay magdadala ng maraming suwerte.

***Gunu Bong*** Ang pangalan ng bahay ng mg T'boli sa Pilipinas. Ito ay magkatulad sa *rumah gadang* ng Malaysia.

**Mababang Kalidad ng Pabahay** Isang kondisyon kung saan ang mga tao ay naninirahan sa mga masisilungan na walang maipapasok na mga pangunahing serbisyo tulad ng patubig, sanitasyon, pagtatapon ng basura, o angkop na mga kalsada.

**Mababang Halaga ng Pabahay** Ang mga bahay na itinayo sa mababang halaga upang sila ay makayanan.


***Rorun puyara*** Isang bintana sa bahay ng mga *Ainu* sa Hilagang Japan. Ang bintanang ito ay dapat laging nakaharap sa silangan sapagkat ito ay may paniniwala na dito pumapasok ang mga ispirito.

***Rumah gadang*** Ang pangalan ng bahay ng mga tribong *Minangkabau* ng Malaysia. Ito ay mahabang bahay na itinayo para sa malaking pamilya.

**Masisilungan** Isa sa tatlong pangunahing pangangailangan ng tao. Lahat tayo ay nangangailangan ng masisilungan upang patuloy na mabuhay.

**Teknolohiya** Ang mga kagamitan na ginagamit sa pagtatayo ng bahay. Istraw, martilyo at mga pako at panghalo ng semento ang ilan sa mga halimbawa ng teknolohiya

***Yurt*** Isang magaan at madaling dalhin na bahay na ginagamit ng mga *nomads* ng Hilagang Asya. Sila ay idinisenyo upang madaling kalasin. Magaan din sila at maaaring dalhin ng isang kabayo.



# Mga Sanggunian


Casal, G. (1974). High Living. Filipino Heritage: The Making of a Nation. Manila: Lahing Pilipino Publishing Inc.

Han, Pilwon (2000). Types of the Chinese House.[On-line] Available: ,http://arch.hannam.ac.kr/~hpw/china/c-house 1.htm>.October 27, 2000, date accessed.

Hooi, C. (1975).House- Where East and West Meet. Asian Culture, 10, pp.7-9

Jacobs, S.W. (1998). Shelter. Compton's Encyclopedia Online v3.0 [on-line]. Available:,http//www.comptons.com/encyclopedia/ARTICLES/0150/01664768_A.html>.November 4, 2000, date accessed.

Kagan, N & Crawford, J.B. (1993). The World WeLive In: Achild's First Library of Learning. Virginia:Time-Life Books.

National Statistics Office (1999). Index of Poverty Statistics; Annual Poverty Indicators Survey. [On-line] Available: http://www.census.gov.ph/data/pressrelease/ap9910tx.html.February 14, 2001, date accessed.

Thaisith, N. (1975). Houses on Both Land and Water. AsianCulture, 10, pp 16-19.

Dela Torre, V. (1998). The Planning and Architecture of Palafox and Associates. Manila:CGK Formaprint, Inc.

Troin, J.F. (undated). Images of Arabia (Yemen and Saudi Arabia). The Geo-Images Project [on-line]. Available: http://www-geoimages.berkeley. Edu/GeoImages.html.February 10, 2001, date accesed.

Win, K.T.K.(1975). The Ceremony of Building a Burmese House. Asian Culture, 10, pp 2-5.